
5

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsagot sa mga Tanong sa Binasa o Napakinggang Kuwento at Tekstong Pang-impormasyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# *Alamin*



Binabati kita kaibigan dahil nakarating ka na sa ikatlong hakbang ng ating pag-aaral sa baitang lima. Marami ka bang natutuhan sa nakaraang aralin? Muling madaragdagan ang iyong kaalaman sa modyul na ito. Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na nakahandang samahan ka sa iyong paglalakbay.

Mahilig ka bang magbasa? Anong uri ng babasahin ang palagi mong binabasa?

Sa araling ito ay lalong lalawak ang iyong interes sa pagbabasa dahil magbibigay ako ng maraming babasahin na tiyak na pupukaw sa iyong interes. Naghanda ako ng mga gawaing susubok sa iyong kakayahang mag-isip, magpaliwanag at sumagot sa mga tanong mula sa iba't ibang uri ng teksto. Pagkatapos ng ating paglalakbay inaasahan na;

a. nasasagot mo ang mga tanong sa binasang kuwento/napakinggang kuwento at tekstong pang-impormasyon;

b. naisusulat mo sa pangungusap ang tamang sagot sa tanong batay sa binasa nang may wastong mekaniks sa pagsulat; at

c. napapahalagahan mo ang kasanayan sa pakikinig at pagbabasa nang may pag-unawa sa pagsagot ng mga tanong.

Handa ka na ba? Tara simulan na natin!



## *Subukin*



Tanong ko lang kaibigan, Nasubukan mo na bang mapintasan sa iyong kakayahan? Ano ang naging reaksiyon mo? At ano ang ginawa mo matapos mong maranasan ito? Huwag mo na lang itong patulan, may mga tao talagang hindi makatiis na maghanap ng kapintasan ng iba. Mas maganda kung patunayan mo ang iyong sarili sa pagpapalakas ng iyong kakayahan. Tulad na lang ng tauhan sa unang kuwentong ating babasahin.

Basahin mo at unawaing mabuti ang kuwento. Sagutin mo ang kasunod na mga tanong at piliin ang titik ng napiling sagot. Isulat mo ito sa isang papel.

**Ang Agila at ang Kalapati**

Buong pagmamalaking inilatag ni Agila ang malapad niyang pakpak sa kaitaasan. Nang mapansin ng aroganteng ibon na ikinakampay din ng mabagal na si Kalapati ang mga puti nitong pakpak ay naghamon ang Agila.

"Hoy, Kalapati. Lalaban ka ba sa akin ng pabilisan sa paglipad?"

Sa sobrang yabang ni Agila, naisip ni Kalapati na bigyan ng aral ang humahamon.

"O sige," sagot ng Kalapati, "Kailan mo gustong magtunggali tayo?"

Hindi ipinahalata ng Agila na nagulat siya sa matapang na sagot ng hinamon.

"Ikaw ang bahala kung kailan mo gusto!"


Napansin ng Kalapati na nakaamba ang maitim na ulap sa kalawakan. Alam niyang ilang sandali lamang ay uulan na.

"Kung payag ka ay ngayon na," walang pag-aalinlangang sabi ni Kalapati. "Para maging mas masaya ang laban, kailangang may kagat-kagat tayong anumang bagay sa paglipad natin. Dadalhin ko paitaas ang isang tipak ng asin. Ikaw naman ay magdadala ng isang bungkos ng bulak. Payag ka ba?"

Napangiti ang Agila sa pag-aakalang higit na magaan ang bulak kaysa ~~sa~~ asin. Napagkayariang sa tuktok ng Asul na Bundok magsisimula ang paglipad at magtatapos sa tuktok ng Berdeng Bundok.


Habang nag-uunahan ang dalawang ibon sa paglipad, bumuhos na ang malakas na ulan. Nabasa ng ulan ang bulak na dala-dala ni Agila kaya ito'y bumigat nang bumigat. Nagpabagal ito sa paglipad ng hari ng ibon. Nalusaw ang asin na siya namang nagpabilis sa paglipad ni Kalapati.

Sa pagkapanalo ni Kalapati, mula noo'y hindi na nakapagyabang pang muli ang palalong Agila.




1. Anong hamon ang nais ni Agila kay Kalapati?
   A. pahabaan ng pakpak
   B. palakihan ng katawan
   C. paunahan nang pagbulusok sa hangin
   D. pabilisan nang paglipad sa himpapawid
2. Tinanggap ba ni Kalapati ang hamon ni Agila? Bakit?
   A. Oo,dahil nakakairita si Agila.
   B. Oo,upang bigyan ng aral si Agila.
   C. Hindi, dahil alam niya na hindi siya mananalo.
   D. Hindi, dahil nagsasayang lang siya ng panahon.
3. Kailan nagtunggali ang dalawang ibon?
   A. kinabukasan
   B. nang sumunod na linggo
   C. sa araw ring iyon
   D. nang sumunod na buwan
4. Bakit naisipang hamunin ni Agila si Kalapati ng pabilisan sa paglipad?
   A. Dahil tinutukso siya ni Kalapati.
   B. Dahil sinasabayan siyang lumipad nito.
   C. Dahil mabagal na ikinampay ng Kalapati ang kanyang pakpak.
   D. Upang maipakita ang galing ni Agila sa paglipad kahit umuulan.
5. Paano nagtagumpay si Kalapati laban kay Agila?
   A. Binato ng asin ni Kalapati si Agila.
   B. Lumipad siya nang ubod bilis.
   C. Nagpatulong si Kalapati sa ulan.
   D. Nilinlang si Agila gamit ang asin at bulak.
6. Paano mo mailalarawan si Agila nang sabihin niyang “Hoy, Kalapati, lalaban ka ba sa akin?”
   A. maunawain
   B. mapagmataas
   C. palakaibigan
   D. palaaway
7. Bakit masasabi nating mapamaraan si Kalapati?
   A. Nanalo siya sa paligasahan.
   B. Hindi siya nagyabang sa Agila.
   C. Tinanggap niya ang hamon ni Haring Ibon sa paglipad.
   D. Alam niyang uulan kaya and dinala niya ay asin at hindi bulak.

8. Ano ang masasabi mo kay Agila nang tanggapin niya ang alok ni Kalapati na bulak ang kanyang dalhin sa paglipad?
   A. Siya ay mangmang
   B. Mayabang ang agila.
   C. Mapamaraan ang agila.
   D. Matalino siya.
9. Bakit hindi na muling nagyabang ang Agila?
   A. Nanalo siya sa paligsahan.
   B. Nabalian siya ng pakpak.
   C. Natalo siya ni Kalapati.
   D. Tinulangan siya ni Kalapati.
10. Anong aral ang napulot mo sa pabula?
   A. Huwag magyabang kahit kanino.
   B. Ipagmalaki ang iyong pinanggalingan sa lahat ng oras.
   C. Huwag maging kampante sa sarili na kaya mo ang lahat.
   D. Maging mapamaraan at maging laging handa sa anumang pagkakataon.



| Aralin 1 | Pagsagot sa mga Tanong sa Binasa o Napakinggang Kuwento at Tekstong Pang-impormasyon |
|---|---|

## *Balikan*



Naalala mo pa ba ang nakaraang aralin?

Ngayon , muli nating balikan ang wastong gamit ng pangngalan at panghalip. Handa ka na ba?

Piliin mo ang tamang gamit ng panghalip sa loob ng panaklong.

Ang langaw ay maituturing na pinakamapanganib na insekto sa buong daigdig. Ang dalawa *1.*______(*itong, nitong*) pakpak at anim na mabalahibong paa ay nakapagdadala ng mikrobyo na nagdudulot ng maraming sakit. Kumakain *2.*______*(ito, siya*) ng kahit na anong bagay na nabubulok. Daan-daan kung mangitlog ito sa mga basura at dumi. At sa oras ng *3.* ________ (*kaniyang, siyang)* paglipad at pagdapo kung saan- saan, tiyak ang dala 4._____ (*niyang, itong*) sakit sa mga tao. Kaya huwag nating pababayaang maging sanhi ang langaw na ito sa *5.* _____ (*nating, ating)* kapahamakan.



Tara na at ipagpatuloy natin ang paglalakbay. Kapit lang!

## *Tuklasin*



Naalala mo ba ang unang kuwentong nabasa mo? Ano ito? Sa mga nabasa mo, ano ang pinakanagustuhan mo?

Ako rin, ang paborito ko ay mga kuwentong pantasya. Kasi tuwing nagbabasa ako nito para akong dinadala sa ibang mundo. Kaya mula noon, lagi na akong ibinibili ng nanay ko ng mga kuwentong pantasya. Sabi pa nga niya sa akin habang bata pa ako dapat kahiligan ko raw pagbabasa para mas marami akong malaman.

Tulad na lamang ng sunod kong kuwento. Pinatunayan ni Wako, isang matalinong kuwago, kung gaano kahalaga ang pagbabasa. Tara na! Tayo nang magbasa. Puwede mo bang ipabasa nang dahan-dahan ngunit malakas sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Ipaulit mo nang dalawang beses para mas lalong maunawaan.

Simulan na natin!

**Si Wako ang Matalinong Kuwago**

Si Wako ay isang kuwago. Kakaiba siya sa lahat ng kuwago. Siya ay mahilig magbasa at magsulat. Hindi siya tulad ng ibang kuwago na tulog nang tulog. Lahat ng aklat ay binabasa ni Wako. Isang araw, nagpulong ang lahat ng mga kuwago upang parusahan si Wako. Ngunit ipinaliwanag ni Wako ang kahalagahan ng pagbabasa at ng pagiging marunong magsulat.

Sinubukan ni Wako na magkuwento. Nagulat ang matatandang kuwago sa galing ni Wako. Lahat ng mga kuwago ay tuwang-tuwa na nakinig sa kaniya. Tinuruan sila ni Wako na magbasa at magsulat ng bilang.

Magmula noon ay nagbago ang buhay ng mga kuwago. Hindi na sila tulog nang tulog. Sila ay nahilig sa pagbabasa at pagsusulat. Naging modelo para sa kanila si Wako.

Sagutin mo nga ang tanong:
1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Ano ang hilig ni Wako?
3. Paano ipinakita ni Wako ang kaniyang kakayahan?
4. Nagbago ba ang pananaw ng kaniyang kasamahan?
5. Bakit kailangang matuto ang isang tao na bumasa at sumulat?



Tara na, dagdagan pa natin
ang ating kaalaman sa
pagbabasa at pagsusulat
kagaya ng mga kasamahan ni

## *Suriin*



Binabati kita dahil mahusay ang ginawa mong pagsagot sa mga tanong sa ikalawa nating kuwento. Bago tayo magpatuloy sa ating paglalakbay. Tumayo ka muna at mag-inat. Habang inaawit ang…

*Mag-exercise tayo tuwing umaga! Tuwing umaga*
*Mag-exercise tayo tuwing umaga! Tuwing umaga*
*Para ang katawan ay sumigla.*

Ngayon, tiyak kong nakahanda ka na sa susunod nating mga gawain. Alam mo bang ang pagbabasa ay tulad ng pag-eehersisyo? Oo tama ka! Kailangan ng katawan natin ang pag-eehersisyo para lumakas ang ating katawan. Kailangan din ng ating utak na mag-ehersisyo sa pamamagitan ng pagbabasa.

Tuwing nagbabasa tayo, gumagana ang iba't ibang pandama natin. Kasi nagbibigay tayo ng reaksiyon sa ating mga nababasa.

Tulad ng pandinig. Di ba minsan nagbabasa ka nang malakas? Tuwing ginagawa mo ito nagpoproseso ang iyong utak tungkol sa mga impormasyong iyong nababasa at napakikinggan. Dahil dito nagbabasa ka nang may pang-unawa. Ang galling, di ba? Sa pagbabasa, na-eehersisyo natin hindi lamang ang utak pati na rin ang iba't ibang pandama.

Bilang sorpresa, Bibigyan kita ng mga *tips* na tiyak na magagamit mo para sa pakikinig at pagbabasa. Tuwing makikinig, ikaw ay dapat na:

1. Nakikinig nang mabuti sa nagkukuwento o nagsasalita;
2. Nagsusulat ng mahahalagang impormasyon mula sa pinakikinggan;
3. Unuunwang mabuti ang sinasabi ng nagbabasa;
4. Isinusulat ang mga reaksiyon sa napakikinggan.

Pagkatapos makinig, puwede mo itong sabihin sa nagsalita o ibahagi sa iba ang iyong reaksiyon.

Ito naman ang *tips* ko sa iyo sa pagbabasa.

1. Itanong mo sa sarili:

| **Tanungin ang sarili** | **Madidiskubre mo ang:** |
|---|---|
| a. Tungkol saan ang teksto? | paksa |
| b. Ano ang pinakamahalagang ideya ng awtor tungkol sa paksa | pangunahing ideya |
| c. Sa paggamit ng mga panghalip na pananong na: sino, ano, paano, bakit, saan, kalian, alin, o anong uri? | mga sumusuportang detalye |

2. Hanapin at isulat ang sagot:

Nasaan ang sagot? → **Nandiyan!**
Nasa teksto ang mga salita

Nasaan ang sagot → **Isipin at hanapin!**
Nasa teskto ang mga salita pero hindi ipinapaliwanag sa iyo. Isipin kung ano ang sinasabi ng awtor.

Nasaan ang sagot? → **Nasa iyo at sa awtor!**
Isipin kung ano ang natutuhan mo at ano ang nasa teksto.

Nasaan ang sagot? → **Nasa iyong pagbasa at pag-unawa nang mabuti**.
Nakasalalay sa iyo ang pagsagot nang tama.

3. Bigyang-pansin ang mga panghalip na pananong.

| **Mga Panghalip na Pananong** | **Ang sagot ay may kaugnayan sa:** |
|---|---|
| sino at kanino | para sa tao |
| ano | para sa bagay, hayop, katangian, pangyayari o ideya |
| kailan | para sa panahon at petsa |
| saan | para sa lugar |
| bakit | para sa dahilan |
| paano | pamamaraan |
| ilan | dami o bilang |
| magkano | para sa halaga ng pera |
| gaano | sukat, bigat o timbang |

Dagdagan natin ang iyong kaalaman. Basahing mabuti ang teskto at pansinin kung paano sinagot ang mga tanong.

**Hindi Sagabal**

Isang masigabong palakpakan ang ibinigay ng mga nagsisipagtapos at kanilang mga magulang nang umakyat si Maryann sa entablado upang tanggapin ang kaniyang diploma at medalya.

Nagtapos bilang *cum laude* si Maryann Rosuman sa Pamantasan ng Northern Philippines. Pinalakpakan siya hindi lamang dahil sa kaniyang katalinuhan kundi dahil sa kakaiba siya sa lahat.

Tatlong talampakan at limang daling lamang si Maryann. Isinilang siyang walang mga paa, dalawapung taon na ang nakakalilipas. Katutubo siya ng Barangay Bayubay, San Vicente, Ilocos Sur. Nagtapos siya sa kursong *accounting*. Hindi naging balakid ang kapansanan niya sa kaniyang pag-aaral. Naging *Valedictorian* siya noon sa elementarya at sekundarya. Kahit hirap sa pagtindig at pagpunta sa klase, napagaan yaon ng pagiging matulungin ng kaniyang mga kamag-aaral.

*Hango sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa 4, St. Mary's Publication*

1. Sino ang pangunahing tauhan ng kuwento?
   *Ang pangunahing tauhan ng kuwento ay si Maryann.*

2. Bakit sinasabing kakaiba sa lahat si Maryann?
   *Kakaiba si Maryann dahil siya'y tatlong talampakan at limang daling lamang.*
   *Isinilang siya na walang paa*
   *Isa siyang katutubo.*

3. Bakit sinalubong ng masigabong palakpakan si Maryann?
   *Si Maryann ay sinalubong nag masigabong palakpakan dahil nagtapos siya bilang cum laude sa Pamantasan ng Northern Philippines.*

4. Paano niya pinatunayan na hindi sagabal ang kapansanan ng isang tao upang magtagumpay?
   *Nagtapos siyang valedictorian sa elementarya at sekundarya at Cum Laude naman sa kolehiyo.*


5. Bakit siya kailangang tularan at gawing inspirasyon ng lahat?
   *Dapat siyang tularan dahil hindi naging hadlang ang kapansanan niya upang makapagtapos siya nang may karangalan.*

Mula sa iyong nabasa, saan makikita ang tamang sagot? Sa binasang kuwento, kinakailangan lang basahin at unawain ito nang mabuti.

Naunawaan mo ba ang tungkol kahalagahan ng pakikinig, pagbasa at pagsagot sa tanong?

Konti na lang matatapos na ang ating paglalakbay. Tara! tayahin natin ang iyong nalaman!-Alam kung kaya mo iyan!





## Pagyamanin

A. Makinig ng balita sa radyo. Itala ang mahahalagang impormasyon at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Tungkol saan ang balita?
2. Saan ito naganap?
3. Sino- sino ang kasangkot dito?
4. Ano ang naging solusyon sa problema?

B. Humingi ng payo sa iyong magulang kung aling paaralan sa Sekondarya ang magandang pasukan. Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang kanilang ipinayo?
2. Bakit ito ang kanilang pinili? Isulat ang mga detalye.
3. Sa iyong palagay, angkop ba ito sa iyong kakayahan?



## *Isaisip*



Kaunting hakbang na lang kaibigan malapit ka nang matapos. Kayang-kaya mo 'yan!

Dito, gusto kong sukatin ang pagkakaintindi mo sa ating aralin. Punan ng tamang sagot ang patlang hanapin ang sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba

- Upang masagutan nang tama ang mga katanungan sa binasang teksto, kinakailangang (1) __________ at unawain mo ito nang (2 _________.
- Upang makuha naman ang wastong sagot sa bawat katanungan ng napakinggan teskto, kinakailangang (3) at unawain nang mabuti ang _________pinakikinggan. Mas makabubuti kung isusulat mo ang mahahalagang (4) ________ mula sa pinakikinggan. Iwasan rin ang pagbibigay ng (5)____________ habang hindi pa tapos ang pinakikinggan.


| | | |
|---|---|---|
| mabuti | impormasyon | reaksyon |
| mabilis | basahin | makinig |

## *Isagawa*

Kaibigan! Malapit ka nang matapos. Alam kong nasasabik ka na sa panghuling mga Gawain. Ngunit bago iyon, nais kong pumili ka ng paborito mong kuwento at sundin mo ang mga sumusunod:

1. Alalahaning mabuti ang naalala mong kuwento
2. Maghanap ng kaibigang pagkukuwentuhan. Huwag kalilimutan ang *social distancing*.

3. Maghanda ka ng tatlo o limang tanong mula sa kuwento na susubok sa kanilang pag-iisip Itanong ang naihandang mga tanong.




## *Tayahin*

**Gawain A**. Basahin at unawain nang mabuti ang kuwento. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa isang pangunguap ang tamang sagot nang may wastong baybay at bantas.

**Ang mga Pako sa**
**Pader**

*(Anonymous)*

Noon, may isang batang lalaki na mainitin ang ulo. Madali siyang magalit at nakapagbibitiw siya ng masasakit na salita sa kaniyang mga kaibigan, kaklase o kung sino mang nakatatanggap ng kaniyang galit. Mahal na mahal siya ng kaniyang ama kaya gusto ng ama na mabago ang ugali niyang ito.

Dinala niya ang kaniyang anak sa bakuran at binigyan siya ng martilyo at mga pako. "Anak," bilin ng ama. "Tuwing iinit ang ulo mo at magagalit ka, kumuha ka ng martilyo at isang pako at ilagay mo ito sa pader." Hindi naintindihan ng bata kung bakit niya ito kailangan gawin, subalit bago pa man matapos ang unang araw, 30 pako na ang nailagay niya sa pader.

Habang tumatagal, natuklasan ng bata na mas madali palang pigilin na lamang ang kaniyang galit kaysa magbuhat ng mabigat na martilyo at magpukpok na naman ng pako sa pader. Lumipas ang mga araw at natutuhan niyang pigilin ang kaniyang galit at naging mahinahon. Kung noon, 30 pako ang nadadagdag sa pader araw-araw, unti-unti itong nabawasan at naging labinlima, sampu, dalawa, at isang pako na lamang sa bawat araw. Pumunta siya sa kaniyang ama at masayang ibinalita ito sa kaniya. Pinuri siya ng kaniyang ama at binigyan nang bagong gawain: sa bawat araw na lumipas na hindi siya magagalit, magtatanggal siya ng isang pako sa pader.

Ginawa niya ito at pagkatapos ng napakahabang panahon, natanggal na niya ang lahat ng pako mula sa pader. "Ama, nagawa ko na po ang inyong inutos. Wala na pong natirang pako sa pader."

Pumunta ang ama sa bakuran at tumayo sa harap ng pader. "Ipinagmamalaki kita, anak," sabi ng ama. "Nagawa mong baguhin ang iyong ugali at hindi ka na madaling magalit. Subalit tingnan mo ang pader…" Tinuro niya ang pader na dating makinis subalit ngayon ay punong-puno na ng maliliit na butas. "Tuwing magagalit ka at magsasalita nang masakit sa iyong kapuwa, parang naglalagay ka ng pako sa pader na ito. Maaari kang humingi ng tawad at maaari mong tanggalin ang pako, subalit may butas na matitira sa pader. Hindi na ito magiging katulad ng dati."

Tumahimik ang bata at nag-isip nang matagal. Nasaktan niya ang kaniyang mga kaibigan at kamag-aral dahil sa masasakit na salitang sinabi niya. "Patawarin niyo po ako, ama. Mula ngayon, sisikapin kong huwag nang dagdagan pa ang mga sugat ng ibang tao.

1. Saan naganap ang kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan ng kuwentong iyong binasa?
3. Anong katangian mayroon ang bata batay sa paglalarawan sa kanya sa unang talata?
4. Bakit naisipan ng ama na ipagawa sa anak ang paglalagay ng mga pako sa pader?
5. Paano nabago nang pagpapako sa pader ang ugali ng bata?

**Gawain B**. Ipabasa sa isang kapamilya ang teksto. Makinig at unawain ito nang mabuti. Sagutin ang sumusunod na mga katangungan. Isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

Ang Lalawigan ng Iloilo ay matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng Islang Panay. Ito ay kabilang sa rehiyon ng Kanlurang Kabisayaan. Napaliligiran ito ng mga lalawigan ng Capiz sa hilaga, ng Antique sa kanluran, ng Dagat Kabisayaan at Kipot Guimaras sa silangan, at Golpo ng Panay at Kipot ng Iloilo sa timog. Pinaniniwalaang binili ng 10 datu mula sa Borneo ang isla ng Panay sa pinuno ng mga Negrito na si Marikudo noong 1212. Isang gintong salakot at gintong kuwintas ang ipinambayad ng mga datu. Napunta kay Datu Paiburong ang teritoryo ng Irong-irong. Nang dumating ang mga Espanyol, nagtayo sila ng pamayanan sa Ogtong (Oton ngayon). Itinatag ng mga mananakop na Espanyol ang Fuerza San Pedro sa Irong-Irong. Ang mga Espanyol rin ang nagbigay ng pangalang Iloilo sa lungsod. Ito na rin ang ipinangalan sa buong lalawigan. Itinatag noong Marso 10, 1917 ang Lalawigan ng Iloilo.

Ang Iloilo ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng bigas sa Pilipinas. Bukod sa bigas, ang ilan pa sa mga pangunahing produkto na nagmumula rito ay tubo, niyog, mais, saging, mangga, kape at iba pang lamang-ugat na halaman. Ang pangingisda ay isa ring mahalagang pinagkakakitaan ng mga taga-Iloilo. Ang mga bangus at hipon ay pinagmumulan ng malaking kitang dolyar ng lalawigan. Kilala naman ang bayan ng La Paz dahil sa masarap na batsoy. Ang Iloilo ay isa sa mga yamang ipinagmamalaki ng Pilipinas hindi lamang sa mga yaman ng agrikultura dito kundi sa makasaysayang pook na matatagpuan sa lalawigang ito.

1. Anong lalawigan ang inilalarawan ng teksto?
   A. Capiz B. Antique C. Guimaras D. Iloilo


2. Saan matatagpuan ang Lalawigan ng Iloilo?
   A. Kanlurang Bisaya
   B. Silangang Bisaya
   C. Gitnang Bisaya
   D. Timog Bisaya

3. Anong lugar sa Iloilo ang kilala sa masarap na batsoy?
   A. Panay B. Irong-irong C. La Paz D. Capiz

4. Kailan itinatag ang Lalawigan ng Iloilo?
   A. Marso 10, 1917 C. Marso 17, 1910
   B. Marso 10, 1907 D. Marso 19, 1917

5. Anong bayan ang itinatag ng mga Espanyol sa lalawigan?
   A. La Paz C. Irong-irong
   B. Iloilo D. Fuerza San Pedro

## *Karagdagang Gawain*



# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. nitong
2. ito
3. kaniyang
4. niyang
5. ating

**Tuklasin**

1. Ang paksa ay tungkol kay Wako na isang matalinong kuwago.
2. Kakaiba si Wako dahil hindi siya katulad ng ibang kuwago na tulog nang tulog. Lahat ng aklat ay binabasa niya.
3. Gustong parusahan si Wako ng kapwa niya kuwago dahil mahilig siyang magbasa.
4. Ipinaliwanag ni Wako sa kapwa niya kuwago ang kahalagahan ng pagbabasa at ng pagiging marunong magsulat.
5. Ang katangiang dapat tularan kay Wako ang ang hilig niya sa pagbabasa dahil marami kang matutunan sa pagba basa.

**Pagyamanin**

**Gawain A.**

1. Ang pamagat ng kuwentong binasa ay Ang Batang Kinatutuwaan ng Lahat.
2. Ang pangunahing tauhan ng kuwento ay si Thor.
3. Kinatutuwaan siya ng marami dahil sa kanyang kasipagan at pagiging matiisin.
4. Ang kaisipang nais ipahiwatig sa atin ng kuwento ay ang kahirapan ay hindi hadlang sa tagumpay na inaasam.
5. Natutunan ko sa kuwento na ang pagiging masipag at matiisin ay daan sa pagkamit ng i yong tagumpay.

**Gawain B.**

1. Ang El Niño ay isang pagkilos ng kalikasan.
2. Ayon sa mga siyentipiko, ang El Niño ay nangyayari sa tuwing ang hanging papuntang kanluran ay humihina at nagiging dahilan upang ang isang masa ng mainit na tubig sa Australia ay magtungo sa West Coast ng Estados Unidos at magkaroon ng tagtuyot sa mga bansa na nasa kanluran ng Karagatang Pasipiko.
3. Kailangang paghandaan ito, magtipid sa paggamit ng tubig

**Isaisip**

1. basahin
2. mabuti
3. making
4. impormasyon
5. reaksyon

**Subukin**

1. D
2. C
3. C
4. B
5. D
6. B
7. A
8. A
9. C
10. A

**Isagawa**

**Gawain A.**

1. Ang pamagat ng kuwento ay Ang Regalo kay Lea.
2. Ang pangunahing tauhan ng kuwento ay si Lea.
3. Si Dagul ay namatay dahil nasagasaan siya ng diyp.
4. Nang mamatay si Dagul, nalungkot si Lea. Hindi siya naglaro at kumain.
5. Nawala ang lungkot ni Lea nang paggising niya kinabukasan ay binigyan siya ng bagong tuta ng kanyang mga magulang.

**Gawain B.**

1. Ang sepak takraw ay isang laro na binubuo ng dalawang koponang magkatunggali.
2. Ang bawat koponan ay binubuo ng tatlong manlalaro.
3. Upang makagawa ng puntos, kailangang mapabagsak ang bola sa lapag ng kabilang panig.
4. Para manalo, kinakailangang mauna sa pagkamit ng labinlimang puntos.
5. *Sepak Takraw*

**Tayahin**

**Gawain A.**

1. Naganap ang kuwento sa bakuran ng mag - ama.
2. Ang mga tauhan sa kuwento ay ang batang lalaki at ang kanyang ama.
3. Ang bata ay mainitin ang ulo
4. Naisipan ng ama na ipagawa sa anak ang paglalagay ng pako sa pader upang mabago ang masamang ugali nito.
5. Nabago nang pagpapako sa pader ang ugali ng bata dahil natuklasan niya na mas madali pa lang pigilin na lang ang galit kaysa magbuhat nga mabigat na martilyo at magpukpok sa pader.

**Gawain B.**

1. d
2. a
3. c
4. a
5. d

**Karagdagang Gawain**

**Posibleng sagot:**

Sa pamamagitan ng masusing pakikinig at pagbabasa, malalaman natin ang tamang mga kasagutan sa mga tanong.
Mapapalalim din ng mga ito ang ating pag - unawa sa mga bagay - bagay.